# Ang Pilipinas

ni P. G. A.

Sa gawing silangan ng ating daigdig
Makikita'y pulu-pulong parang isinabog
na mga binhi;
Ang nanaka'y mga liping kayumanggi
Mga lahing Pilipino ang kanilang
taguri.

Bawa't pulo'y sagana sa luntiang halaman;
Sagana sa isda ang bughaw na karagatan;
Mabini ang simoy ng hanging amihan
Na dumampi sa pisngi ng malawak
na parang.

Perlas ng Silanganan kung tawagin ng
mga dayuhang
Naakit pumarito't naghasik ng
kabihasnan,
Upang ang mga Pilipino'y magmulat
sa karunungan
At gawing huwaran sa mga
karatig-bayan.

Iwinawagayway ang bandila ng
iba't-ibang kapangyarihan
Sa hangad na maibsan ang
tinik ng kawalang-muwang;
Itinirik ang tanda ng Kakristiyanuhan
Na hatid sa atin ng isang dayuhan.

Natuto tayong sumamba, sumampalataya
Ng isang Diyos na nagbibigay-biyaya;
Nalalaman nating Siya ang May-Likha
Ng lahat ng kagandahang sa baya'y
nangalipana.

Namulat tayo sa katotohanang
Sa lahat ng nilikha'y Siya
ang Makapangyarihan;
At ang buhay natin ay hiram lamang
Kung kailan babawii'y Siya ang
nakakaalam.

Nalalaman nating ang tao'y pantay-pantay,
At magiging alabok kung siya'y
mamamatay;
Kung ang tao'y matutong kumilala sa
Kanya
Sa Langit ay may naghihintay na
Ligaya.

Pananampalataya'y handog ng Maykapal,
Gawin nating patnubay at nang
di mabuwal,

Halika't luluhod tayo't uusal ng dalangin
ng isang pasasalamat sa biyaya
Niya sa atin.

## ANG TINIG, ILAW AT DALANGIN

**Tinig:**

Sa mundo'y may panghaling
Tao'y nakalimot
Pinalabo ang isip
Diwa'y pinahimbing
Tinig ang panggising
Sa isip na mahimbing.

**Ilaw:**

Ilaw na binusilak
Kusang tumatanglaw
Sa dilim ng dibdib.

**Dalangin:**

Dalangin ko'y ilipad mo
Sa kaitaasan
Upang makarating
Sa Iyong paanan.